# Paano Ninyong Kikitain ang Mga Credit

Ano ang nasa loob


Kayo ay kuwalipikado para sa mga benepisyo ng Social Security sa pamamagitan ng pagkita ng mga credit sa Social Security kapag kayo ay nagtrabaho at nagbayad ng mga buwis sa Social Security. 1

Mga espesyal na tuntunin para sa ilang mga trabaho 2

Gaano katagal kayo dapat magtrabaho para maging kuwalipikado para sa Social Security 2

Hindi lahat ng uri ng trabaho ay napapabilang patungo sa mga benepisyo ng Social Security 4

Tiyakin na wasto ang inyong mga rekord 4

Pakikipag-ugnayan sa Social Security 4


## Kayo ay kuwalipikado para sa mga benepisyo ng Social Security sa pamamagitan ng pagkita ng mga credit sa Social Security kapag kayo ay nagtrabaho at nagbayad ng mga buwis sa Social Security.

Binabase namin ang mga credit ng Social Security sa halaga ng inyong kita. Ginagamit namin ang inyong mga kita at kasaysayan sa trabaho para matiyak ang inyong pagiging karapat-dapat para sa mga benepisyo sa pagreretiro o kapansanan o sa pagiging karapat-dapat ng inyong pamilya para sa mga benepisyo ng survivor (nabiyudo/nabiyuda at na-ulila) kapag kayo ay namatay.

Sa taong 2018, makakatanggap kayo ng isang credit para sa bawat $1,320 na mga kinita,na hanggang maximum na apat na credit sa isang taon.

Bawa't taon, ang halaga ng mga kita na kinakailangan para sa mga credit ay tumataas ng bahagya habang tumataas rin ang level ng average na kita. Ang mga credit na kinikita mo ay nananatili sa inyong rekord sa Social Security kahit na magbago kayo ng trabaho o wala nang mga kinita.

## Mga espesyal na tuntunin para sa ilang mga trabaho

Ang mga espesyal na tuntunin sa pagkita ng sakop sa Social Security ay gagamitin sa ilang mga uri ng trabaho.

Kung may sarili kayong trabaho, kayo ay kikita ng mga credit mula sa Social Security sa parehong paraan tulad ng mga empleyado (isang credit para sa bawat $1,320 sa mga net na kita, ngunit hindi hihigit sa apat na credit kada taon). Ipapataw ang mga espesyal na tuntunin kung kayo ay may net na taunang kita na mas kaunti sa $400. Para sa karagdagang impormasyon, basahin ang *If You Are Self-Employed o Kung Kayo ay May Sariling Hanap Buhay* (Publication No. 05-10022-TL).

Kung kayo ay nasa militar, kikita kayo ng mga credit sa Social Security sa parehong paraan na kumikita ang mga sibilyan. Maaari rin kayong makakuha ng mga karagdagang credit sa kita sa ilalim ng ilang mga kondisyon. Para sa karagdagang impormasyon, basahin ang *Military Service and Social Security o Ang Serbisyong Militar at ang Social Security* (Publication No. 05-10017).

Mayroon rin kaming mga tiyak na tuntunin kung paano kayo makakakita ng mga credit para sa ibang klaseng mga trabaho. Ang ilan sa mga trabahong ito ay:

- Mga gawaing bahay (domestic work);
- Mga trabaho sa bukid; o
- Pagtatrabaho sa simbahan o organisasyon na kontrolado ng simbahan na hindi nagbabayad ng mga buwis sa Social Security.

Tumawag sa amin kung mayroon kayong mga tanong kung paano kayo makakakita ng mga credit sa inyong trabaho.

## Gaano katagal kayo dapat magtrabaho para maging kuwalipikado para sa Social Security

Ang bilang ng mga credit na kailangan ninyo para maging karapat-dapat para sa mga benepisyo ay depende sa inyong edad at sa uri ng benepisyo.

### Mga benepisyo sa Pagreretiro

Sinumang ipinanganak sa taong 1929 o makalipas dito ay kailangan ng 10 taong pagtatrabaho (40 credit) para maging karapat-dapat para sa mga benepisyo sa pagreretiro. Ang mga taong ipinanganak bago ang 1929 ay kailangan ng mas kaunting taon ng trabaho.

### Mga benepisyo sanhi ng kapansanan

Ang dami ng credit ang kailangan ninyo para sa mga benepisyo sanhi ng kapansanan ay depende kung ano ang edad ninyo nang kayo ay nagkaroon ng kapansanan.

- Kung kayo ay nagkaroon ng kapansanan bago ang edad na 24, karaniwan ay kailangan ninyo ng 1½ taon ng trabaho (anim na credit) sa loob ng tatlong taon bago kayo magkaroon ng kapansanan.
- Kung kayo ay 24 hanggang 30, karaniwan ay kailangan ninyo ng mga credit para sa kalahati ng panahon sa pagitan ng edad 21 at sa panahon na nagkaroon kayo ng kapansanan.
- Kung kayo ay may kapansanan sa edad na 31, karaniwan ay kailangan ninyo ng kahit man lang 20 credit sa loob ng 10 taon agad bago kayo nagkaroon ng kapansanan. Ang sumusunod na talaan ay nagpapakita ng mga halimbawa kung gaano karaming credit ang kakailanganin ninyo kung magkaroon kayo ng kapansanan sa iba't ibang mga napiling edad. Ang talaan na ito ay hindi sumasakop sa lahat ng mga situwasyon.

| May kapansanan sa edad na | Mga Credit na kailangan | Mga Taon ng trabaho |
|---|---|---|
| 31 hanggang 42 | 20 | 5 |
| 44 | 22 | 5 ½ |
| 46 | 24 | 6 |
| 48 | 26 | +6 ½ |
| 50 | 28 | 7 |
| 52 | 30 | 7 ½ |
| 54 | 32 | 8 |
| 56 | 34 | 8 ½ |
| 58 | 36 | 9 |
| 60 | 38 | 9 ½ |
| 62 o mas matanda pa | 40 | 10 |

## Mga benepisyo ng survivor (nabiyudo/nabiyuda at na-ulila)

Kapag ang isang trabaho na nagtrabaho at nagbayad ng mga buwis sa Social Security ay namatay, ang ilang mga miyembro ng pamilya ay maaaring karapat-dapat para sa mga benepisyo ng survivor (nabiyudo/nabiyuda at na-ulila). Hanggang 10 taon ng trabaho ang kailangan para maging karapat-dapat sa mga benepisyo, depende sa edad ng tao sa oras nang mamatay ito. Ang mga survivor (nabiyudo/nabiyuda at na-ulila) ng mga lubos na batang manggagawa ay maaaring karapat-dapat kung ang pumanaw na manggagawa ay nagtrabaho ng 1 1/2 taon sa tatlong taon bago siya pumanaw.

Ang mga benepisyo ng survivor (nabiyudo/nabiyuda at na-ulila) mula sa Social Security ay maaaring ibayad sa:

- Biyudo o biyuda - kumpletong mga benepisyo sa ganap na edad para makapag-retiro, o binawasang mga benepisiyo kahit kasing aga ng edad na 60;
- Isang may kapansanan na biyudo o biyuda - kahit kasing aga ng edad na 50;
- Isang biyudo o biyuda sa anumang edad na nag-aalaga sa anak ng pumanaw na mas bata sa edad na 16 taong gulang o may kapansanan, at tumatanggap ng mga benepisyo mula sa Social Security;
- Mga diborsyado/a na asawa sa ilalim ng ilang mga partikular na kondisyon;
- Mga hindi kasala na batang mas bata sa 18 taong gulang, o hanggang sa edad na 19, kung sila ay pumasok sa elementary o secondary school ng full time. Sa ilalim ng ilang mga situwasyon, ang mga benepisyo ay maaaring ibayad sa mga anak ng asawa sa naunang asawa (stepchild), mga apo, o inampong anak;
- Ang mga abta na may kapansanan bago ang edad na 22 at nanatiling may kapansanan; o
- Mga dependent na magulang na may edad na 62 o mas matanda.

Makipag-ugnayan sa amin kung kailangan ninyo ng mas maraming impormasyon tungkol sa situwasyon ng inyong pamilya.

## Medicare

Ang mga credit ng Social Security na kinikita ninyo ay bibilangin rin patungo sa pagiging karapat-dapat para sa Medicare kapag umabot kayo sa edad na 65. Maaaring karapat-dapat kayo para sa Medicare sa mas maagang edad kung nakakatanggap kayo ng mga benepisyo sanhi ng kapansanan sa loob ng 24 buwan o higit pa. Iyong mga may permanenteng kidney failure (hindi maayos na paggana ng bato) o nakakatanggap ng mga benepisyo sanhi ng kapansanan dahil sa amyotrophic lateral sclerosis (Lou Gehrig's disease) ay hindi kailangan maghintay ng 24 buwan para makatanggap ng sakop sa Medicare. Ang inyong mga dependent o survivor (nabiyudo/nabiyuda at na-ulila) ay maaari rin karapat-dapat para sa Medicare sa edad na 65 o mas maaga pa kung sila ay may kapansanan. Ang mga taong may permanenteng kidney failure at kailangan ng dialysis sa bato o kidney transplant ay maaaring karapat-dapat para sa Medicare

sa anumang edad batay sa mga kita ng asawa o magulang, at pati na rin ang sarili nilang kita. Kung nais ninyong magkaroon ng karagdagang impormasyon tungkol sa Medicare, makipag-ugnayan sa amin at humingi ng *Medicare* (Publication No. 05-10043-TL).

## Hindi lahat ng uri ng trabaho ay napapabilang patungo sa mga benepisyo ng Social Security

Hindi lahat ng mga empleyado ay nagtatrabaho sa mga kompanya na sakop ng Social Security. Ang ilan sa mga empleyadong ito ay:

- Karamihan sa mga empleyado ng gobyerno na nakuhang magtrabaho bago ang 1984 (mula Enero 1, 1983, ang lahat ng mga pederal na empleyado ay may bayad na Medicare na insurance sa ospital na parte ng buwis sa Social Security);
- Ang mga empleyado ng railroad na may higit sa 10 taong serbisyo sa trabaho;
- Ang mga empleyado ng ilang mga pang-estado o lokal na pamahalaan na piniling hindi sumali sa Social Security; o
- Mga batang mas bata sa 21 taong gulang na gumagawa ng mga gawaing-bahay para sa magulang (maliban ang batang may edad na 18 o mas matanda na nagtatrabaho sa hanap-buhay ng magulang).

## Tiyakin na wasto ang inyong mga rekord

Taon-taon, ang inyong employer ay nagpapadala ng kopya ng inyong W-2 (Wage and Tax Statement) sa Social Security. Ipinagkukumpara ng Social Security ang inyong pangalan at numero sa Social Security sa W-2 sa aming mga rekord. Ang inyong mga kinita na ipinakita sa W-2 ay nakarekord sa inyong panghabang buhay na rekord ng kinita. Ang inyong panghabang buhay na rekord ng kinita ay ang ginagamit namin upang malaman kung makakatanggap kayo ng mga benepisyo sa hinaharap at kung magkano ang mga benepisyo.

Ang inyong pangalan at numero sa Social Security sa inyong Social Security card ay dapat katugma sa impormasyon na nasa payroll at W-2 ng inyong employer. Protektahan ang inyong mga benepisyo sa hinaharap sa pamamagitan na wasto ang parehong mga rekord na nabanggit. Sabihin sa employer kung ang inyong pangalan at numero sa Social Security ay hindi wasto sa rekord ng employer. Kung ang inyong Social Security card ay hindi wasto, makipag-ugnayan sa anumang tanggapan ng Social Security

## Pakikipag-ugnayan sa Social Security

May iba't ibang paraan para makipag-ugnayan sa Social Security, kabilang na ang online, sa pamamagitan ng telepono, at nang personal. Naririto kami para sagutin ang inyong mga katanungan at upang mapaglingkuran kayo. Higit na sa 80 taon, ang Social Security ay nakatulong na mapanatag ang kabuhayan ngayon at para sa kinabukasan sa pamamagitan ng pagkakaloob ng mga benepisyo at pinansiyal na proteksyon para sa milyon-milyong mga katao para sa kanilang pamumuhay.

### Bumisita sa aming website

Ang pinakamadaling paraan na makipag-ugnayan sa Social Security mula saanmang lugar kahit kailan, ay bumisita sa ***www.socialsecurity.gov***. Doon, maaari kayong:

- Lumikha ng isang *my* Social Security account para mabalikan ang inyong *Social Security Statement*, patotohanan ang inyong mga kinita, mag-print ng isang benefit verification lettert (liham ng pagpapatotoo ng benepisyo), baguhin ang inyong impormasyon para sa direktang pagde-deposito, humiling ng isang pamalit na Medicare card, kumuha ng kapalit na SSA-1099/1042S, at marami pang iba;
- Mag-apply para sa Extra Help (Karagdagang Tulong) gamit ang mga gastusin sa plano ng Medicare para sa inireresetang gamot;

- Mag-apply para sa retirement, kapansanan at mga benepisyo sa Medicare;
- Maghanap ng mga kopya ng aming mga inilathala;
- Makuha ang mga sagot sa mga madalas a katanungan; at
- Marami pang iba!

Ang ilang sa mga serbisyong ito ay makukuha lang sa wikang Ingles. Bumisita sa aming Multilanguage Gateway para sa impormasyon sa wikang Tagalog. Kami ay nagkakaloob ng libreng serbisyo ng interpreter para tulungan kayo sa pagsasagawa ng inyong dapat gawin sa Social Security. Ang mga serbisyo ng interpreter ay handang magamit kung kayo ay makikipag-usap sa amin sa telepono o sa tanggapan ng Social Security.

### Tumawag sa amin

Kung wala kayong access sa internet, kami ay naghahandog ng maraming mga automated na serbisyo sa pamamagitan ng telepono, 24 oras, 7 araw sa isang linggo. Tumawag sa amin sa walang bayad na toll sa **1-800-772-1213** o sa aming TTY na numero, **1-800-325-0778**, kung kayo ay hindi nakakarinig o nahihirapan makarinig.

Kung kailangan ninyong makipag-usap sa isang tao, masasagot namin ang inyong mga tawag mula 7 a.m. hanggang 7 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Humihingi kami ng kaunting pasensya sa mga panahon na napakaraming ginagawa dahil maaari kayong makaranas ng higit sa karaniwang dalas na pagka-busy ng telepono at mas matatagal na panahon ng paghihintay sa tawag para makausap kami. Inaasahan namin na makapaglingkod sa inyo.

Securing today
and tomorrow

**Social Security Administration**
Publication No. 05-10072-TL | January 2018
Paano Ninyong Kikitain ang Mga Credit
How You Earn Credits 2018 (Tagalog)
Produced and published at U.S. taxpayer expense
Ang nagbabayad ng buwis sa U.S. ang nagbayad para sa paglikha at paglathala nito